**MEDIA INTERVIEW IN CABAGAN, ISABELA**
March 6, 2025

[00:00:00]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Nainspeksyon na natin, nandito si Secretary Manny Bonoan, para nga explain kung ano iyong nangyari dito.

Ang ending nito, ang puno't dulo nito design flaw. It is a design flaw, mali iyong design. Ang history kasi nito dapat ang funding nito was supposed to be – ang project cost nito is 1.8 billion. So, binawasan to under 1 billion para makamura. Ayan inayos ngayon, ginawa ngayon iyong detail design, design is really weak. Dahil kung tutuusin ninyo this is supposed to be a suspension bridge, nakasabit. Nakaganyan – iyong arko na ganyan tapos iyong bridge suportado nung kable.

Ito lang ang suspension bridge na nakita ko sa buong mundo na hindi kable at iyan na mismo ang bumigay. Ayan oh, diyan bumigay iyong bakal.

Kung kable iyan, hindi dapat bumigay iyan. Tapos iyong pag-anchor nung support, tingnan ninyo doon lang sa baba. Dapat sa taas iyan eh, hanggang sa taas para — hanggang sa taas para iyong buong arch… Ito ang nagsu-support sa kanya… Iyan iyan iyong bakal na nakikita ninyo at saka iyong semento, iyan lang ang nagsu-support doon sa buong tulay.

So, mahina talaga ang design dito. Hindi natin… Malaking ano… Noong una pa ngang ginagawa ito kasi naging – umabot 900 million yata iyong original na budget, umabot ng 1.2 dahil nag-refit. Bakit nag-refit? Noong nagko-construction pa lang may nakita na na gumagalaw na mahina. Kaya kailangan balikan at refit.

[00:01:57]
So, the whole process is, the whole… Okay naman, now iyong construction, iyong contractor, sinundan naman ang plano. By the book naman iyong

kanyang ginawa. So, up to specifications iyong kanilang ginawa. Iyon lang iyong specifications mali.

So, this is a design problem. Tapos, this is a 44-ton bridge. Dapat 44 tons ang acceptable load.

Eh, iyong dalawang truck – iyan iyong naiwan iyong isa, over 100 tons iyan. Eh dalawa iyan ang dumaan. Kaya ayan na nga ang nangyari. Hindi talaga kaya. Ito yata iyong una eh. Ito iyong bumigay. Wala nang plating. Ah ito, baka…

Ah hindi sumunod na lang ito. Ito iyong una, ito ang una. Oh, tama, tama, kaya naka ganyan iyan, hindi dito. Dahil tama, dito bumigay ganyan, hinila lahat ito.

So, wala, we have no choice. We have to go back. So, iyong nagtitipid tayo, tinipid natin sa 1.8 million, useless. Ngayon, babalik na naman tayo. Gagastos na naman tayo ng malaki. Papalitan natin iyong mga support. Parang nagtayo na naman tayo ng bagong tulay.

REPORTER: Sir, who will be held liable?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** You know, I always have a saying, fix the problem not the blame. Ayusin muna natin iyong problema. Believe me, we will find out who is responsible.

Who is responsible is basically who made the design because their design was poor. Look what happened. And then also, those trucks should never have been on the bridge. So, sinong liable diyan, province?

**OFFICIAL:** Hindi ah, national to eh. National ano 'to.

BAGONG PILIPINAS

**PRESIDENT MARCOS JR.:** We have to be more careful about monitoring iyong mga load kasi ganyan ang problema. Kung 44 tons ang sinasabi, sasakyan mo ng 200 plus tons, medyo hindi nakakapagtaka na ganito ang mangyayari.

All right. Okay. Thank you.

[00:04:18]

***